Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

SEPTRA (Co-Trimoxazole)

(Tinatawag ding: Bactrim®, trimethoprim-sulfamethoxazole (TMP/SMX)

Ano ang Septra?

Ang Septra ay kombinasyon ng dalawang antibiotics (Trimethoprim at Sulfamethoxazole) na mabisa laban sa maraming uri ng mga bakterya.

Bakit ako umiinom ng Septra?

Septra ang karaniwang ginagamit ng may HIV/AIDs para iwasan o gamutin ang mga pulmunya na nakamamatay, tulad ng PCP; o mga pulmunyang sanhi ng iba pang klase ng bakterya. Gamit din itong panglaban sa ibang impeksyon tulad ng toxoplasmosis, impeksyon sa utak na nakamamatay.

Ang Septra ay gamot na sulfa at ang mga may allergy sa mga gamot na sulfa ay hindi dapat uminom nito.

Paano ko iinumin ang gamot na ito?

Maaring mainom ang Septra ng single o double-strength, sa tabletas o liquid form. Ang double-strength na tabletas ay naglalaman ng doble ng gamot ng single-strength na tableta. Ang dami ng gamot na kailangang inumin ay naibabatay sa karamdaman.

- Kung umiinom ng Septra para maiwasan ang PCP, ang naihahatol ay isang double-strength na tableta sa maghapon, sa loob ng mahabang na panahon. May ibang kung uminom nito ay isang single-strength sa maghapon, o isang double-strength, tatlong beses sa isang lingo, sa loob ng m ng mahabang panahon.
- Kung umiinom ng Septra para gamutin ang PCP, ang kailangan ay dalawang double-strength na tableta, apat na beses maghapon, sa loob ng tatlong linggo.
- Kung ang Septra ay para sa pangkaraniwang bacterial infection, ang kailangan ay isang double-strength na tableta, dalawang beses sa maghapon, sa loob ng isa o dalawang linggo.

Maaaring inumin ang Septra ng mayroon o walang kasamang pagkain. Kailangang uminom ng isang basong tubig tuwing umiinom ng Septra. Kapag sumakit ang tiyan, subukang inumin ng may kasamang pagkain.

Ang Septra ay kailangang ilagay sa lugar na may katamtaman o room temperature, at sa lugar na hindi maaabot ng mga bata. Huwag itatago sa banyo o sa refrigerator.

Ano ang dapat kong gawin kung malimutan kong uminom nito?

Uminom kaagad sa oras na maalala mo. Kung ang susunod na pag-inom naman ay sa loob lamang ng dalawang oras, antayin na lamang ang sunod na pag-inom. Huwag dodoblehin ang inom.

Anu-ano ang mga side effects ng Septra?

Ang mga karaniwang side effects ng Septra ay lagnat, pamamantal sa balat at pangangati. Ang mga sintomas na ito ay maaaring hindi lumabas hanggang mga 10 araw matapos na simulan ang pag-inum nito.

Ang mga iba pang side effects na hindi pangkaraniwan ay ang pananakit ng tiyan, pagduduwal, pagtatae, pananakit ng ulo at mga kasu-kasuan.

Kumunsulta agad sa doctor, kapag nagkaroon ng mga palatandaang ito, para humingi ng payo. May mga gamot na maaaring inumin para sa mga side effects at nang maituloy ang pag-inom ng Septra.

Para sa mga taong malala ang side effects, may mga espesyal na pamamaraang tinatawag na "desentization" na makatutulong na magpahiyang ng katawan sa Septra.

Para sa mga taong talagang hindi makainom ng Septra, kausapin ang doktor o parmasyutiko tungkol sa ibang paraan kung paano mapipigilan o magagamot ang PCP.

Kung minsan, ang Septra ay nagpapababa sa dami ng white blood cells (kailangan ito para labanan ang impeksyon), red blood cells (kailangan para dumaloy ang oxygen sa katawan) at platelets (kailangan para sa pamumuo ng dugo). Maaari ding maging sanhi ng problema sa atay at bato ang Septra. Samakatwid, mahalagang magpatingin ng dugo nang palagian para mabantayan kung may mga pagbabago.

Anu-ano pang pag-iingat ang kailangan kong alamin kung umiinom ng Septra?

Ang mga taong allergic sa sulfa drugs ay hindi dapat uminom ng Septra. Maaari itong maging sanhi ng malubhang reaksyon.

Kung ikaw ay buntis, makipag-usap sa doktor bago uminom ng Septra para malaman ang mga panganib sa fetus.

Maaaring maging mas sensitibo sa sikat ng araw o sunlamp ang balat, kung umiinom ng Septra. Samakatwid, magsuot ng pananamit na makapagbibigay ng proteksyon at gumamit ng sunscreen na may SPF 15 tuwing masisikatan ng araw nang matagal. Huwag gagamit ng tanning beds.

Ipaalam sa iyong doktor o parmasyutiko ang lahat ng iniinom na walang reseta o di-resetang gamot (kasama ang mga bitamina at herbs). Makipag-usap sa iyong doktor o parmasyutiko bago magsimulang uminom ng mga bagong wala o may resetang gamot.

Para sa mga taong umiinom ng Septra nang matagalan, maaaring mabawasan ang bisa ng mga gamot para sa birth control at maaaring dumalas ang pagdurugo.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.